

**City/County Health Bureau ng _____ Pagsang-ayon sa
Latent Tuberculosis Infection Treatment, Health Education at
Directly Observed Prevention Therapy (DOPT) 菲律賓**

Pangalan: _____ **ID/ARC Number:** _____

Kasarian: _____ **Petsa ng Kaarawan:** ____ (taon) / ____ (buwan) / ____ (araw)

Mga Mahal na Ginoo:

Kung ikaw (o ang iyong anak) ay may nakatagong impeksyon sa tuberkulosis (Latent Tuberculosis Infection) at ito ay hindi pa tuluyang naging tuberkulosis ayon sa resulta ng latent tuberculosis infection test (skin tuberculin test o interferon-gamma release test) at sa pagsusuri ng doktor, ang proteksyon ng paggamot sa nakatagong impeksyon ay maaaring umabot ng higit sa 90% pagkatapos ng kumpletong paggamot. Maliban sa epektibo ito sa pagbawas ng paghawa ng impeksiyon sa iba sa hinaharap, maaari din nitong bawasan ang posibilidad na mas mahabang panahon ng paggamot, o paggamit ng mas maraming uri ng gamot o mas malaking negatibong epekto ng gamot.

Bigyang-pansin ang mga sumusunod sa paggamot:

- I. Sa kasalukuyan, mayroong 4 na uri ng mga reseta para sa paggamot ng nakatagong impeksyon (piliin ang reseta ng paggamot na gamit):
- 3HP: Uminom ng isoniazid (INH) + rifapentine bawat linggo. 12 beses para sa kabuuang 3 buwang kurso ng paggamot
 - 3HR: Uminom ng INH + rifampin (RMP) araw-araw. 90 beses para sa kabuuang 3 buwang kurso ng paggamot
 - 4R: Uminom ng RMP araw-araw. 120 beses para sa kabuuang 4 na buwang kurso ng paggamot
 - 9H: Uminom ng INH araw-araw. 270 beses para sa 9 na buwang kurso ng paggamot
- Iba pa: (1HP o pang-iwas na paggamot para sa mga kontak ng mga kaso ng MDR-TB) Paalala:

Makipagtulungan at tanggapin ang pangangalaga ng tagapag-alaga na hinanda ng yunit ng kalusugan upang hindi makalimutang uminom ng gamot at upang makumpleto ang paggamot nang ligtas, mapakinabangan ang mga benepisyo ng paggamot laban sa nakatagong impeksyon sa tuberkulosis, at mabawasan ang panganib ng sakit sa hinaharap. Maliban sa paggamit ng reseta ng 9H (inirerekumenda pa rin ang pagsali sa DOTS), ang ibang natitirang mga reseta ay dapat sumunod sa pangangalaga ng tagapag-alaga.

- II. Sa panahon ng paggamot, mangyaring bumalik sa klinika bawat buwan para sa pag follow-up. Kung makaranas ng hindi pagginhawa (gaya ng lagnat, pagkahilo, pagduduwal, pagkawala ng gana, pananakit sa kanang bahagi ng tiyan, pagmamamhid ng mga kamay at paa, pamumuti ng mata at paninilaw ng balat, pangangati ng balat, matinding alerhiya, at iba pang mga sintomas), mangyaring abisuhan ang tagapag-alaga, kawani ng pangangalaga ng pangkalusugan o tagapamahala ng tuberkulosis sa ospital. Bumisita agad muli sa klinika sa lalong madaling panahon upang matukoy ng doktor kung dapat ipagpatuloy ang pag-inom ng gamot o dapat palitan ng ibang paraan ng paggamot.

- III. Kung ang leaflet na ito ay hindi nasagot ang iyong mga tanong, o kung mayroon ka pa ring anumang mga pagdududa pagkatapos basahin ito, mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa mga tagapag-alaga, manggagamot o nursing staff.

Pinapahintulutan ko ang tagapag-alaga mula sa DOTS ng Health Bureau ng Lungsod/Probinsiya ng _____ na panatilihin ang mga gamot ko para sa paggamot ng nakatagong impeksyon sa tuberkulosis at pumapayag akong ang tagapag-alaga ang maghahatid ng mga gamot sa akin upang ako ay ma-obsorbahan ng direkta.

Paalala:

1. Artikulo 48 ng Batas sa Pag-iwas at Pagkontrol ng mga Nakakahawang Sakit: Ang mga nakipag-ugnayan sa mga pasyenteng may mga nakakahawang sakit o pinaghihinalaang nahawaan ay maaaring panatilihin ng karampatang awtoridad para ma-obsorbahan; kung kinakailangan, maaari silang utusang lumipat sa mga itinalagang lugar para sa inspeksyon, pagbabakuna, at paggamot tulad ng pangangasiwa ng gamot, o papuntahin sa itinalagang mga lugar para sa pagkontrol o paghihiwalay.
2. Ang mga menor de edad ay dapat may ligal na kinatawan na sumang-ayon at pumirma.

Batay sa pahayag sa itaas:

- | | |
|--------------------------------------|--|
| <input type="checkbox"/> Payag | Relasyon ng taong nagbigay ng pahintulot sa taong tumatanggap ng paggamot |
| <input type="checkbox"/> Hindi payag | <input type="checkbox"/> Pasyente _____ (Lagda) |
| | <input type="checkbox"/> Ligal na kinatawan _____ (Lagda) |